# SINASABI NG SHAYKH ANG KATOTOHANAN

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,*
*Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,*
*Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Muhammadin Sayyidul Awwalin wal Akhirin,*
*Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,*
*Sheykh Abdullah Daghestani, Sheykh Nazim al-Haqqani. Dastur.*
*Tariqatunas sohba, wal khayru fil jamiyya.*

Ang sabi "Ma aradash shaykh." Ang mga sumusunod sa Shaykh ay dapat sundin kung ano man ang kaniyan uto. Ang mahalaga ang daang pinakita ng Shaykh. Minsan sila ay humihingi ng ganito o ganyan. Pero ang kailangan gawin ay ang utos ng Shaykh. Ibig sabihin pag naniwala ka sa shaykh, kailangan mo siya sundan. Tunay na may mga nagpapanggap na Shaykh ngayon kaya ang mga sumusunod sa kanila ay maghihirap lamang. Ang kasalanan ay mapupunta sa nagsasabing siya ay Shaykh.

Ang daan na pinakita ni Shyakh Nazim(qs) ay sundan ang isang Shaykh. Kailangan mong pumunta sa Shaykh na walang dala para ika'y mabigyan.Walang mangyayari kapag puno ka. Kahit mahirap ang pagsabi ng katotohanan ay dapat pa rin gawin. Hindi mabuti na magsinungaling. Sabi nila "La Hayaa fiddin". Walang kahihiyan sa relihiyon. Wag kang mahiya sa kahit na sinoman at sabihin mo ang katotohanan.

Kaya dapat sabihin natin ang katotohanan para ito'y matanggap. Ang tatanggap ng katotohanan ay makakatanggap at ang hindi ay  hindi. Di natin mapapatakbo ang tariqa mula sa paniniwala ng isang tao. Kailangan natin sabihin ang Katotohanan. Tayo nawa ay di ilagay ni Allah sa maling landas, In Sha Allah tayo ay maging kasama ng katotohanan.

Wa Minallah at-Tawfeeq.
Al-Fatiha.

Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil
10 February 2016/1 Jumada al-Awwal 1437
Sabah Namaz, Akbaba Dargah

1. Haqq 2. Wajib 3. Fard